BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

www.bccdc.ca

# ETHIONAMIDE
## ETHIONAMIDE

Ang Ethionamide ay isang antibiotic na ginagamit sa paggamot ng tuberkulosis (TB).

### Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)

- Inumin kasabay ng pagkain o gatas upang bawasan ang pagkasira ng tiyan
- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

### Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)

- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang gamot na ito.
- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.
- Iinumin mo ang gamot na ito:
    - ❑ ______________________________

### Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

### Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)

- Alak

Sabihin sa iyong doktor at parmasyotiko kung umiinom ka ng anumang ibang mga gamot, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta.

### Ano ang ilan sa posibleng side effects o masasamang epekto? (What are some possible side effects?)

- pananakit ng ulo
- alibadbad at pagsusuka
- pagkasira ng tiyan, sakit ng tiyan
- metal na lasa sa bibig
- sobrang paglaway
- nahihilo o inaantok
- pagbawas ng timbang
- iritasyon sa bibig o mga sugat sa bibig
- mahapdi, nangingilig, o pamamanhid sa iyong mga kamay o paa

# **ETHIONAMIDE** (pagpapatuloy)
**ETHIONAMIDE** (cont'd)

Maaaring ireseta sa iyo ng iyong doktor ang pyridoxine (Vitamin B6) upang bawasan ang ilan sa side effects ng ethionamide. Sabihin sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng paghapdi, pangingilig, o pamamanhid sa iyong mga kamay o paa.

**Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:**

- malabong paningin o anumang kawalan ng paningin nang mayroon o walang pananakiit sa mata
- lagnat
- walang tigil na alibadbad o pagsusuka
- paninilaw ng balat o mga mata
- di-karaniwang pagkapagod o kahinaan
- kawalan ng ganang kumain
- madilim na kulay ng ihi
- mga pagbabago sa kaisipan, mood, o kilos na bago pa lamang nangyari o na lumalá
- singaw sa balat, pangangati, o mga pantal

**Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng ethionamide? (What else do I need to know about taking ethionamide?)**

- Kung ikaw ay **diabetic,** regular na patingnan ang iyong blood glucose levels habang iniinom ang gamot na ito.
- Kung ikaw ay umiinom ng gamot para sa **thyroid**, inirerekomenda ang pana-panahong pagmomonitor ng paggana ng iyong thyroid.
- Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Protektahan ito mula sa liwanag
- Mga tabletas: Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang mahigpit na saradong lalagyan sa isang malamig at tuyong lugar

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)**

Ang iyong doktor, clinik, o Public Health Unit: ___________________________________

| | |
|---|---|
| Vancouver TB Services Clinic: | 604-707-2692 |
| New Westminster TB Services Clinic: | 604-707-2698 |
| BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: | 604-707-2580 |



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions.
Better health.
*A research and teaching centre affiliated with UBC*